
4

# Sining

## Kwarter 2– Modyul 5: Krokis Pamayanang Kultural



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Arts4_Modyul5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Kuwarter 2– Modyul 5: Pagguhit: Krokis ng Pamayanang Kultural**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mary Ann M. Corporal

**Editor:** Francis Durante

**Tagasuri:** Cynthia T. Montanez

**Tagaguhit:** Emma S. Malapo

**Tagalapat:** Mary Ann M. Corporal

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilane R. Lorico
Jerson V. Toralde
Belen B. Pili
Cynthia T. Montanez

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Sining

## Kuwarter 2– Modyul 5: Pagguhit: Krokis ng Pamayanang Kultural

# Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral so kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral mna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*



Magandang araw sa iyo aking kaibigan!!! ☺
Handa ka na bang tumuklas ng bagong kaalaman upang mahubog ang iyong pagiging malikhain?

Sa modyul na ito malilinang ang kaalaman sa pagguhit ng isang krokis na nagpapakita ng mga katangian ng isang pamayanang kultural.


Mauunawaan ang kahalagahan ng espasyo, balance at proporsyon upang maging mas makatotohanan ang mga larawang iguguhit.

Pagkatapos ng modyul na ito ay inaasahan ang mag-aaral ay magagawa ang sumusunod na layunin:

A. Nakikilala ang pamayanang tinitirhan.
B. Nakaguguhit ng isang krokis na nagpapakita ng kanilang kapaligiran, ayon sa wastong gamit ng espasyo, proporsyon, sukat, at iba pang detalye sa pagguhit ng isang landscape.
C. Naipagmamalaki ang mga pamayanang kultural sa pamamagitan ng likhang sining.



## *Subukin*




**Panuto**: Basahin at unawain ang mga tanong.
Kulayan ng dilaw ang titik ng tamang

1. Ano ang tinutukoy kung binibigyang halaga ang kaugnayan ng mga bagay-bagay base sa taas at laki ng mga iguguhit?
   A. balanse
   B. proporsyon
   C. kulay
   D. Espasyo

2. Ano ang tawag sa mga tanawin sa isang pamayanan o lugar na itinatampok ang kapaligiran na karaniwang mga tanawin tulad ng bundok ang paksa?
   A. hugis
   B. pamayanan
   C. landscape
   D. krokis

3. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan ng ilusyon ng espasyo?
   A. Ang mga malalayong bagay ay nagiging maliit sa paningin habang ang mga bagay naman na malalapit ay mas malaki sa paningin.
   B. Ang mga bagay ay magkakapareho lang ang laki.
   C. Ang mga bagay sa malayo ay mas malaki habang ang mga bagay sa malapit ay mas maliit.
   D. Lahat ng mga bagay ay maliliit lamang.

4. Bakit kailangang isaalang-alang ang proporsyon ng mga bagay-bagay sa pagguhit?
   A. upang maging makatotohanan ang larawang iginuhit
   B. upang maging maganda ang larawang iginuhit
   C. upang maging kakaiba ang larawang iginuhit
   D. upang maging makulay ang larawang iginuhit

5. Dito itinatampok ang kapaligiran bilang paksa na nagsasa-alang ng espasyo, balanse at proporsiyon. .
    A. larawan
    B. krokis
    C. kultura
    D. background



MAGALING! ☺


Ilan ang nakuha mo?

Nasiyahan kaba habang sinasagutan ang mga katanungan?Magaling kung nakuha mo lahat ng tamang sagot. Ayos lang din kung di mo nakuha lahat dahil mas lalo pa natin ito lilinangin

## *Balikan*

**Panuto:** Unawaain at sagutin ang mga tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa puzzle.

1.




**PABABA**

Dito ipinagdiriwang ang Flower Festival

Lungsod kung saan ipinagdiriwang ang Tinagba Festival

Salitang nangagahulugang panahon ng pagyabong

**PAHIGA**

Makulay na pista na ipinagdiriwang sa Lucban, Quezon

Ipinagdiriwabg bilang parangal sa santong patron ng bayan



## *Tuklasin*

**Panuto:** Tingnan at tukuyin ang uri ng pamayanan ng bawat larawan. Piliin ang sagot sa kahon at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

| | |
|---|---|
| Pamayanan sa tabing-dagat | Pamayanan sa Urbanisadong Lungsod |
| Pamayanan sa bundok | Pamayanan sa Kagubatan |

A



B



Katanungan:

1. Tingnang mabuti ang mga larawan. Saang pamayanan ka nakatira?
   ______________________________
2. Sa mga larawang nasa itaas, ano-ano ang pagkakaiba sa uri kanilang kapaligiran?
   ______________________________
   ______________________________
3. Batay sa inyong obserbasyon, paano binuo ang krokis o detalye ng apat na larawan?
   ______________________________
   ______________________________

## *Suriin*


Kung magmamatyag ka sa iyong kapaligiran, mapapansin mong iba-iba ang hugis, laki, at kulay ng iba't ibang bagay tulad ng bundok, dagat, gusali, at iba pang likas at di-likas na istruktura. May mga bagay na malapit at mayroon ding mga bagay na malayo. Ang mga malalayong bagay ay nagiging maliit sa paningin habang ang mga bagay naman na malalapit ay mas malaki sa paningin kung pagmamasdan mong mabuti ang isang tanawin. Sa sining, tinatawag itong **ilusyon ng espasyo.**

Sa paggawa ng ***krokis o pagguhit ng landscape*** o tanawin ng isang pamayanan na itinatampok ang kapaligiran bilang paksa, kailangang isaalang-alang ang espasyo, balanse, at proporsyon upang maging mas makatotohanan ang larawang iguguhit.

Ang **landscape** ay tanawin sa isang pamayanan o lugar na itinatampok ang kapaligiran na karaniwang mga tanawin tulad ng mga puno at bundok ang paksa.

Magiging mas makatotohanan ang iyong larawang iginuhit kung isasaalang–alang mo ang prinsipyo ng proporsiyon.

Ang **proporsiyon** ay ang kaugnayan ng mga bagay-bagay base sa taas at laki ng mga iguguhit. Kung guguhit ng isang puno at taong magkatabi, mas mataas ang puno kaysa sa tao gayundin ang bahay at ng mga tao nang sa gayo'y mas makatotohanan ang dibuho.





*Musika at Sining, Kagamitan ng Mag-aaral p. 192*

Tingnan at suriing mabuti ang larawan sa itaas. Ano ang masasabi mo sa krokis nito?

Tama ba ng proporsiyon ng tao? ng bahay? ng puno?

Makatotohanan ba ang larawan?

Ano-ano ang dapat na isaalang-alang upang maging mas makatotohanan ang larawan?




## *Pagyamanin*



I. **Panuto**: Kulayan ang larawan. Tingnang mabuti at sabihin kung ito ba ay isang makatotohanang pamayanan. Ipaliwanag ang sagot.



________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
____

## Isaisip

1. Ano ang kahalagahan ng proporsiyon sa paggawa ng krokis ng landscape ng isang tanawin?

2. Paano mo maipagmamalaki ang pamayanang iyong kinabibilangan?

3. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipakikita ang paggalang at pagpapahalaga sa kultura ng ating mga kapatid na kabilang sa mga pamayanang kultural?

**Tandaan**

Sa pagguhit, kailangang bigyan ng pansin ang tamang laki ng mga bagay-bagay at paglalagay ng foreground, middle ground, at background upang magkaroon ng balanse at proporsyon ang dibuho. Ang pigura ng tao ay mas maliit kung ikukumpara mo ito sa bahay at gayon din sa mga puno kung titingnan sa aktwal na larawan.

## *Isagawa*

### Pagguhit ng Isang Pamayanang Kultural

Kagamitan: papel o bond paper, lapis at pambura, at ruler

Mga Hakbang Sa Paggawa:

1. Ihanda ang mga kagamitang gagamitin sa pagguguhit.
2. Maglagay ng mga palatandaan sa mga dakong paglalagyan ng paksa sa background, middle ground, at foreground.
3. Siguraduhing nasusunod ang mga pamantayan sa pagguhit gamit ang balanse sa larawan.
4. Bigyan din ng pansin ang proporsyon ng mga bagay-bagay na iguguhit para higit na maging makatotohanan ang dibuho.
5. Mag-isip ng kawili-wiling tanawin sa inyong lugar na makikita sa mga pamayanang kultural na nais mong iguhit.
6. Lagyan ng pamagat ang natapos na likhang-sining.
8. Linisin ang mesa pagkatapos ng gawain.


Ipaliwanag kung bakit mo nabuo ang larawang iyong iginuhit. Ano ang naramdaman mo pagkatapos mo ang larawan?

Magaling , binabati kita.

## *Tayahin*

**Gawain 1**

Panuto: Isulat kung anong pamayanan ang nasa larawan at tukuyin ang mga bahagi ng nito. Paghambingin ang mga bagay na nasa larawan. Ipaliwanag kung bakit ganito ang pagkaguhit nito.




______________________________________________________________


______________________________________________________________

____________________________________________________________

**Gawain 2**

Panuto: Gumuhit ng isang krokis na nagpapakita ng inyong kapaligiran, ayon sa wastong gamit ng espasyo, proporsiyon, sukat, at iba pang detalye ng pagguhit ng landscape.

**Gawain 3**

Panuto: Iguhit ang  kung tama ang pahayag at  kung mali.

________1. Ang proporsiyon ay ang kaugnayan ng mga bagay-bagay base sa taas at laki ng mga iguguhit.

________2. Magiging mas makatotohanan ang iyong larawang iginuhit kung isasaalang-alang moa ng prinsipyo ng proporsiyon.

________3. Ang mga bagay na malalayo ay mas malaki sa paningin habang ang mga bagay na malapit ay mas maliit sa paningin na tinatawag na ilusyon ng espasyo.

________4. Ang landscape ay tanawin sa isang pamayanan o lugar na itinatampok ang kapaligiran.

________5. Sa paggawa ng krokis o pagguhit ng landscape o tanawin ng isang pamayanan na itinatampok ang kapaligiran bilang paksa, kailangang isaalang-alang ang espasyo, balanse at proporsiyon.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Magsulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa iyong pamayanan.

## *Susi sa Pagwawasto*

**SUBUKIN**

B
C
A
A
B

**BALIKAN**

Baguio
Iriga
Pangbenga
Pahiyas
Pista

TUKLASIN


Pamayanan sa Kagubatan
Pamayanan sa Urbanisadong
Lungsod

**TAYAHIN**

Gawain 1

PAMAYANAN SA
BUNDOK
Background
Middleground
Foreground

Gawain 3



# *Sanggunian*

Digo, M.E. et.al. (2015).Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral. Book Media Press Inc.

Digo, M.E. et.al. (2015).Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro. Book Media Press Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *